
## Banghay Aralin sa Filipino I

**May-Akda** **Daisy Punzalan**
**Designation** **Teacher II**
**Paaralan** **San Pascual Central School**




**I. Layunin**

1. Nakagagamit ng mga pahiwatig o palatandaan upang mahinuha ang kahulugan ng isang di-pamilyar na salita
2. Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa
3. Nasasabi ang kahalagan ng pagtupad sa pangako, at ang pagiging malinis sa katawan o sarili

**II. Paksang Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Dagdagan Lang ng Dumi"
2. ***May-akda:*** Becky Bravo
3. ***May-guhit:*** Jason Moss
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagtupad sa pangako at ang pagiging malinis sa katawan

**III. Pamamaraan**

**1. Paghawan ng Balakid**

Basahin nang sabay-sabay ang mga salita sa pisara.

| Salita | Pamamaraan | Pangungusap |
|---|---|---|
| 1. pangako | Paggamit sa konteksto | Tuwang-tuwa ako at isasama ako ng nanay ko sa mall pero dapat tumupad daw ako sa ***pangako*** na hindi ako magturô para mapagkatiwalaan niya ako.<br><br>**Mga Tanong**:<br>a. Tumupad na ba kayo sa isang **pangako**?<br>b. Bakit kaya hindi na mapagkakatiwalaan ang isang taong hindi tumupad ng kaniyang pangako?<br>c. Ano ang ibig sabihin ng **pangako**?<br><br>**Isulat: pangako** – bagay na sinabing gagawin |
| 2. namangha | paggamit sa konteksto | Habang papasok kami sa mall ay hindi ko maiwasan ang mapangiti dahil ***namangha*** ako sa mga bagay na nakita ko doon.<br><br>**Mga Tanong:**<br>a. Kapag may narinig o nakita kayong maganda o ubod ng galing, ano ang nararamdaman ninyo?<br>b. Napapanganga ba kayo? Napapatigil ba kayo sa paghanga? Ano kaya ang ibig sabihin ng **namangha**?<br><br>**Isulat: namangha** –napatigil dahil sa lubusang napahanga |



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

| Salita | Pamamaraan | Pangungusap |
|---|---|---|
| 3. tiyempong-tiyempo | paggamit sa konteksto | ***Tiyempong-tiyempo*** namang nandoon na sa mall ang matalik na kaibigan ni nanay na matagal na niyang hindi nakikita kaya naman sila ay nagkakuwentuhan nang matagal.<br>**Mga Tanong**:<br>a. Narinig na ba ninyo ang salitang tiyempo? Ano ang kinalaman nito sa oras?<br>b. Dito sa pangungusap, sino ang **tiyempong-tiyempo** na nandon na sa mall?<br>c. Bakit kaya ito tiyempong-tiyempo na nandoon?<br>d. Ano kaya ang ibig sabihin ng salitang ito?<br><br>**Isulat: tiyempong-tiyempo** – tamang-tama sa oras, dumating sa panahong kailangan |
| 4. lumalago | paggamit sa konteksto | Narinig ko sa kanilang usapan na ***lumalago*** na raw ang buhok ni nanay. Dapat ay magpagupit na siya para bumatang tingnan.<br><br>**Mga Tanong**:<br>a. Ano ang hitsura ng buhok na kailangan nang putulin?<br>b. Bakit kailangang putulin ang buhok na lumalago?<br>c. Ano pa ang ibang bagay na **lumalago**?<br>d. Ano ang ibig sabihin ng salitang ito?<br><br>**Isulat: lumalago** – tumutubo, humahaba, dumadami |
| 5. napakurap | paggawa ng aksyon at paggamit sa konteksto | At nang lumabas na kami ng mall ay **napakurap** (gawin ang aksyon) ako nang makita ko ang magarang kotse ng kaibigan ni nanay.<br><br>**Mga Tanong:**<br>a. Ano ba nangyari sa mata ko nang makita ko ang kotse ng kaibigan ni nanay?<br>b. Kapag napapikit nang sandali ang mata mo, ano ang iba pang tawag dito?<br>c. Kumurap nga tayong lahat.<br><br>**Isulat: napakurap** – napapikit mula sa pagtingin |

Ang mga bagong salitang natutunan ay maaring ilagay sa *word wall* o *word bank*. Ang word wall o word bank ay bahagi ng silid-aralan na pinaglalagyan ng mga mag-aaral ng mga bagong salitang natutunan.

**2. Pagganyak**

a. Motivation Questions:
   1. Ano ang ginagawa ninyo para kayo ay maging malinis?
   2. Ano ang nangyayari kapag hindi kayo naglilinis ng inyong katawan?

b. Motive Question:
   1. Ano kaya ang nangyari sa tauhan sa kuwento noong ayaw niyang maglinis ng katawan?

**3. Pagbasa ng Kuwento (Read Aloud)**

Pagmasdan ninyo ang pabalat ng libro. Ang pamagat ng ating kuwento ngayong araw ay “Dagdagan Lang ng Dumi” (“Just Add Dirt”) na isinulat ni Becky Bravo at iginuhit ni Jason Moss.

Basahin ang kuwento nang may damdamin. Huminto pagkabasa ng ilang takdang pahina upang palalimin ang pag-intindi at pakikinig ng mga mag-aaral.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

## "Dagdagan Lang ng Dumi"

**Huminto pagkabasa ng p. 3 . Itanong:** Kung may makita kayong munggo na tumutubo sa tainga ninyo, magugulat ba kayo? Bakit kaya hindi man lamang nagulat ang nanay ni Miguel? Ano kaya ang alam ng nanay na hindi natin alam? Ano ang hitsura ni Miguel dito sa larawan?

**Huminto pagkabasa ng p. 5. Itanong:** Ano ang ipinangako ni Miguel sa kanyang nanay sa bahaging ito? Tinupad ba niya ito?

**Huminto pagkabasa ng p. 9 Itanong:** Bakit kaya hindi pa rin naligo si Miguel? Ano na ang nangyari sa dumi niya? Ano kaya ang mangyayari pagkagising ni Miguel?

**Huminto pagkabasa ng p. 11 Itanong:** Ano ang nakita ni Miguel sa kanyang tainga pagkagising? Tama ba ang hula ninyo? Bakit kaya hindi kaagad tinanggal ng nanay ang kamatis mula sa tainga ni Miguel?

**Huminto pagkabasa ng p. 13 Itanong:** Anu-ano na ang tumutubo sa katawan ni Miguel? Ano kaya ang nararamdaman ni Miguel sa puntong ito? Sinunod ba ng nanay ang hiniling ni Miguel sa kanya? Ano ang ginawa ng nanay? Tinupad na ba ni Miguel ang pangako niyang maligo?

**Huminto pagkabasa ng p. 15 Itanong:** Ano ang bagong tumubo sa katawan ni Miguel? May tutubo pa kayang ibang halaman sa katawan niya sa susunod na pahina? Ano ang hula ninyo?

**Huminto pagkabasa ng p. 17 Itanong:** Ilang araw nang hindi naliligo si Miguel? Gaano karami na ang dumi sa katawan niya? Ano kaya ang susunod na tutubo sa kanyang katawan? Ano ang hula ninyo?

**Huminto pagkabasa ng p. 19 Itanong:** Gaano karaming klase ng gulay na ang tumutubo sa katawan ni Miguel? Ano kaya ang nararamdaman niya sa puntong ito? Kung kayo si Miguel, ano ang mararamdaman ninyo?

**Huminto pagkabasa ng p. 22 Itanong:** Sa palagay ninyo, tatanggalin na kaya ng nanay ang mga tumutubo sa katawan ni Miguel? Ano kaya ang sasabihin niya kay Miguel? Tingnan natin kung tama ang hula ninyo.

**Huminto pagkabasa ng p. 25 Itanong:** Tutuparin na kaya ni Miguel sa wakas ang pangako niya?

**4. Pagkatapos Bumasa**

**a. Pangkatang Gawain:**

**Pangkat 1**: Ididikit ng mga bata ang mga larawan ng halamang tumubo sa bahagi ng katawan ng bata.

**Pangkat 2**:
Lagyan ng ♥ ang natutunan na leksyon ni Miguel.
___ pagsunod sa utos
___ pagtupad sa pangako
___ umalis na lang ng bahay
___ pakikikinig sa nanay
___ maging malinis sa sarili o katawan

**Pangkat 3** :
Iguhit ang ☺ o ☹ sa pariralang nagpapakita ng pangangalaga sa sarili.
___ naliligo araw-araw
___ nagsisipilyo ng ngipin
___ nagsusuklay ng buhok
___ nagpapalit ng malinis na damit
___ naglalaro sa baha

**Pangkat 1: Dagdagan ng Dumi**





Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**Pangako 4**:
Magbigay ng mga pangakong gagawin upang maging malusog at malinis na bata.

**b. Talakayan**

1. Sino ang bata sa kuwento?
2. Paano ninyo ilalarawan ang hitsura at ugali ni Miguel?
3. Anong nangyari kay Miguel nang hindi niya kaagad tinupad ang kanyang pangako?
4. Ano ang mga tumubo sa katawan ni Miguel? Iuulat ito ng **Pangkat 1**.
5. Bakit kaya tinubuan si Miguel ng mga halaman sa katawan?
6. Ano ang ipinangako ni Miguel sa kanyang nanay at ano ang nangyari sa pangakong ito?
7. Kung tinanggal ito kaagad ng nanay, tutuparin kaya kaagad ni Miguel ang pangako niyang maligo?
8. Ano kaya ang leksiyon na natutuhan ni Miguel mula sa nangyari sa kaniya? Alamin natin sa ginawa ng **Pangkat 2.**
9. Bilang isang bata, paano mo mapananatiling malinis ang iyong katawan o sarili? Ipapakita ito ng **Pangkat 3.**
10. Sa tingin ninyo, posible bang mangyari sa tunay na buhay ang nangyari sa kuwento? Bakit? Bakit hindi?
11. Ano kaya ang maaring tumubo sa inyo kung hindi kayo maliligo?
12. Ano ang pinakamahalagang natutuhan ninyo mula sa kuwento ni Miguel?
13. Ano ang pangakong maibibigay ninyo upang mapangalagaan ang inyong kalusugan? Tawagin natin ang **Pangkat 4** upang ibahagi ang kanilang ginawa.

## IV. Paglalapat

1. Hatiin ang mga bata sa tatlo/apat na pangkat.
2. Bawat pangkat ay may isang tablet. Mag-iisip ang bawat miyembro ng mga maaaring gawin ng isang batang malusog at malinis.
3. Ipakikita nila ang mga gawaing ito at kukunan ng litrato. Bawat pangkat ay mag-uulat ng kanilang ginawa.

## V. Pagpapahalaga

Papaupuin sa *thinking space* ang mga mag-aaral. Ang thinking space ang bahagi ng silid-aralan na pinaggaganapan ng talakayan. Sa *thinking space*, nakaupo nang pabilog sa sahig ang mga bata.

Sisimulan ng guro ang pagtatanong. Hahayan ng guro na ibahagi ng mga bata ang kanilang pananaw sa tanong o sa sagot. Isusulat ng guro ang mga ideya ng bata sa pisara o sa Manila paper. Pagkatapos ng talakayan, ibubuod ng guro ang mga ideya na ibinahagi ng mga bata sa klase.

**Tanong:**
Sumasang-ayon ba kayo na hindi na dapat pagkatiwalaan ang isang taong hindi tumupad sa pangako? Bakit? Bakit hindi?

## VI. Takdang Aralin

Naranasan na ba ninyo ang hindi pagtupad sa pangako ninyo sa inyong mga kaanak o kaibigan? Anong nangyari at ano ang natutunan ninyo dito? Ilahad bukas ang inyong kuwento sa bahaginan.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation